# Pangangalaga pagkatapos magpabakuna: Mga sanggol at maliliit na bata

## Alamin kung ano ang maaasahang mangyari sa mga susunod na araw at kung paano aalagaan ang iyong anak

## Ang maaaring maging side effects ng iyong anak pagkatapos ng ilang vaccines




**Lagnat at panginginig**



**Kapaguran at pananakit ng ulo**




**Pananakit ng kalamnan at kasu-kasuan**



**Pananakit, pamumula, at pamamaga ng lugar na iniksyunan**

*Para sa COVID-19 vaccines:* maaaring mangyari hanggang 7 araw pagkatapos



**Masungit, umiiyak, hindi mapakali, at nababawasan ang ganang kumain**




**Pagkatapos ng MMR at varicella vaccines: maaaring magkaroon ng lagnat, pantal-pantal, at iba pang side effects mga 1-2 linggo pagkatapos mabakunahan**



**Alibadbad, pagsusuka, at/o diarrhea**



**Pagkatapos ng nasal spray influenza (flu) vaccine: baradong ilong at tumutulong ilong**



**Pagkatapos ng COVID-19 vaccines: namamagang lymph nodes sa ilalim ng kilikili**

## Ang karamihan ng side effects ay banayad at nawawala pagkatapos ng 1-2 araw

Para sa side effects ng bawat vaccine, basahin ang HealthLinkBC Files na mahahanap sa immunizebc.ca/immunization-schedules/children

**Tingnan ang susunod na pages para sa:**

- **Paano ko ba matutulungang bumuti ang pakiramdam ng aking anak?**
- **Mga gamot na makakatulong**
- **Kailan dapat kumuha ng medikal na atensyon**

Available sa 简体中文 (Simplified Chinese), 繁體中文 (Traditional Chinese), فارسی (Farsi), 한국어 (Korean), ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi), at iba pang mga wika

BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

British Columbia | ImmunizeBC

## Pangangalaga pagkatapos magpabakuna: Mga sanggol at maliliit na bata

## Paano ko ba matutulungang bumuti ang pakiramdam ng aking anak?



### Para sa pananakit at pamamaga sa lugar na iniksyunan:

- ☑ Patungan ito ng malamig-lamig na basang tela o nakabalot na ice pack.
- ☑ Ikilos ang braso o binti ng iyong anak nang ilang beses bawat araw.
- ☑ Magbigay ng gamot para tulungan siyang maging komportable (*tingnan sa ibabâ*).



### Para sa lagnat:

- ☑ Hayaang magpahinga ang iyong anak.
- ☑ Bigyan siya ng maraming fluids na iinumin.
- ☑ Bihisan siya ng magagaang kasuotan.
- ☑ Magbigay ng gamot para makatulong na ibabâ ang lagnat at para tulungan siyang maging komportable (*tingnan sa ibabâ*).

| Lugar sa Katawan | Normal Range | Lagnat |
| --- | --- | --- |
| **kilikili** | 36.5-37.5 °C | ≥ 37.6 °C |
| **bibig*** | 35.5-37.5 °C | ≥ 37.6 °C |
| **taenga** | 35.8-38 °C | ≥ 38.1 °C |
| **puwit**** | 36.6-38 °C | ≥ 38.1 °C |

*Paunawa: Ang measurements mula sa paggamit ng thermometers para sa noo ay maaaring hindi wasto.*

* Huwag gamitin para sa mga batang wala pang 5-taong-gulang.
** Gumamit ng rectal thermometer kapag lamang komportable kang gamitin ito at ipinakita sa iyo ng isang health care provider kung paano ito ligtas na gamitin.

## Mga gamot na makakatulong sa lagnat at pananakit

Hindi laging kinakailangan ang gamot para ibabâ ang lagnat. Maaari silang gamitin para magbigyang-ginhawa ang mga pananakit at kirot, at para gawing mas komportable ang iyong anak.

**May dalawang klaseng gamot na hindi nangangailangan ng reseta na maibibigay mo:**

- **Acetaminophen,** tulad ng Infant o Children's Tylenol®.
- **Ibuprofen**, tulad ng Children's Advil®.
  *Huwag bigyan ang iyong sanggol ng ibuprofen kung siya'y wala pang 6 na buwang-gulang, maliban kung iniutos ito ng iyong doktor.*

**Safety tips kapag nagbibigay sa mga bata ng gamot na hindi nangangailangan ng reseta:**

- ☑ Laging sundin ang mga direksyon sa label. Huwag sumobra sa inirerekomendang dosis.
- ☑ Huwag magbigay ng ASA (Aspirin®) sa sinumang mas bata sa 18-taong-gulang.

## Kailan dapat kumuha ng medikal na atensyon

### Para sa lagnat

Ang lagnat ay side effect ng vaccines na inaasahang mangyari. Pero ang lagnat ay minsan ding maagang palatandaan ng isang sakit na walang kinalaman sa vaccine.

**Kumuha kaagad ng medikal na atensyon kapag ang iyong anak ay:**

- ☑ Wala pang 3 buwan at nilalagnat.
- ☑ 3-12 buwang-gulang at may lagnat na 39°C o mas mataas, o nilalagnat nang mahigit sa 1 araw.
- ☑ Wala pang 2-taong-gulang at nilalagnat nang mahigit sa 1-2 araw.
- ☑ Mahigit sa 2-taong-gulang at nilalagnat nang mahigit sa 3 araw.

---

### Iba pang mga dahilan kung kailan dapat kumuha ng medikal na atensyon

Bihirang-bihira ang mga malulubhang side effects pagkatapos magpabakuna. Pero kung nangyari man sila, mahalaga ang kumilos.

**Kumuha kaagad ng medikal na atensyon kapag ang iyong anak ay:**

- ☑ May mga palatandaan o sintomas ng malubhang allergic na reaksyon (hal., pantal-pantal, kahirapang huminga, o pamamaga ng lalamunan, dila, o mga labi). Kung mangyayari man ito pagkaalis mo sa clinic, tumawag sa 911 o sa iyong local emergency number.
- ☑ Nagka-seizure. Tumawag sa 911 kung ang seizure ay nagtagal nang mahigit sa 3 minuto o kung ang iyong anak ay wala pang 6 na buwang-gulang.
- ☑ Binigyan ng COVID-19 vaccine at mayroong pananakit sa dibdib, pangangapos ng hininga, o karamdamang mabilis ang tibok ng puso, may panginginig sa puso, o kumakabog ang dibdib.
- ☑ Binigyan ng rotavirus vaccine at paulit-ulit na sumusuka, may pamamaga sa tiyan, o may dugo sa dumi.
- ☑ Mayroong anumang ibang nakakabahalang palatandaan o sintomas (hal., dehydrated, hindi kumakain o umiinom, may malubhang pagsusuka o diarrhea, mahina, maputla, mahirap gisingin, o matagal na walang tigil ang pag-iiyak o mas matagal kaysa sa karaniwan).

**Ireport sa iyong immunization provider / clinic o health care provider ang anumang malubha at/o hindi inaasahang side effects pagkatapos mabakunahan.**



**Hanapin ang immunization record ng iyong anak sa healthgateway.gov.bc.ca**